

## Maligayang Pagdating sa Carabram

Maligayang pagdating sa lahat ng aming mga panauhin ng Carabram, sa mga bumabalik at unang dumadalo. Ang bawa't isa rito sa Carabram ay nagsikap upang bigyan kayo ng isang pambihirang pagdiriwang pampamilya na inaasahan naming magiging kahanga-hanga ang karingalan ng Canadian multiculturalism sa abot ng makakaya nito at tanggapin at ikasiya ang kagandahan ng ating dakilang bansa.

**Tayo ay Canada kung sama-sama!**

Maging ligtas, maging mabuti at magsaya. **Sa aming mga bumalik na mga panauhin, salamat sa inyong patuloy na suporta. Para sa aming mga unang dumalo na mga panauhin, taos-puso namin kayong tinatanggap.**

Makilahok sa amin sa ikalawang Linggo ng Hulyo simula Biyernes hanggang Linggo at Danasin ang Mundo sa tatlong araw.

Ang Carabram ay taunang kapistahan ng iba't-ibang kultura na pinagsasama ang mga kultura sa buong Brampton sa pamamagitan ng pagkain, aliwan at edukasyon. Ang pistahan ay taunang ginaganap sa ikalawang Linggo ng Hulyo, mula Biyernes hanggang Linggo at kasiya-siyang tatanggapin ang mga panauhin mula sa buong Greater Toronto Area.

Ang mga lugar ng pagdarausan sa buong Brampton ay lubusan na binagong anyo upang ilarawan ang iba't ibang kultura mula sa buong mundo. Ang mga panauhin sa Carabram ay magkakaroon ng pagkakataong danasin ang mga kultura sa pamamagitan ng tunay na lutong pagkain, at ang kinaugaliang sayaw, tugtugin at aliwan. Ang bawa't pabilyon ay mayroong mga pagtatangahal ng mga kultura at artifact na kumakatawan sa bawat kultura upang bigyan ang mga panauhin ng buong karanasan.

### **Kasaysayan**

Noong 1982, ang Carabram ay nagsimula bilang paraan na ipagdiwang ang magkakaibang etniko ng mga komunidad ng Brampton. Ang pistahan ay naging pinakamalaking pagdiriwang ng iba't ibang kultura at pagkakaiba sa lungsod. Nagsimula ang Carabram sa apat na pabilyon lamang - Italya, Ukraine, Scotland at West Indies. Ang bawat pabilyon ay nilarawan ang kanilang mga kultura sa pamamagitan ng awit, sayaw, mga kasuutan, pagtatanghal, pagkain at inumin.

Sa mga sumunod na mga taon ang pistahan ay lumaki at nasamahan ng maraming mga grupo ng komunidad na naglalarawan ng mas malawak na grupo ng etniko sa buong lungsod. Taon-taon ang mga grupo ng komunidad ay sama-samang tumutulong sa Carabram na makamit ang layunin nito sa mas matatag na mga kaunayan ng halo-halong kultura, ang higit na pagpapahalaga sa pagkakaiba at

upang tulungan kaming itanghal ang puso at hininga ng iba't ibang mga kultura sa kanilang tunay at katutubong anyo.

Sa dekadang nakalipas, ang Carabram ay pinag-uukulan ang pagpapanatili, pagpapabuti at pagtataguyod ng pamana ng kultura na sinimulan namin noong 1982.

Ang pamilya ng Carabram ay binubuo ng isang Lupon ng mga Direktor, isang pangulong kinakatawan ang bawat pabilyon at ilang mga boluntaryong tumutulong gawin ang pistahan na kahanga-hangang nagtagumpay na sa bawat taon.

### **Hangarin**

Carabram, Pistahan ng Iba't ibang kultura ng Brampton na humihimok sa mga mamamayan na hindi lamang para ipagdiriwang ang kayamanan ng mga kultura at kung saan ito nanggaling, kundi upang mapahalagahan at matutunan ang tungkol sa ibang mga kultura na nag-aambag sa pagiging magkakaiba ng ating lungsod.

### **Pinagsisikapan namin na:**

- ✓ Itaguyod ang pag-iintindi at pagpapahalaga para sa katangian ng iba't ibang kultura ng Brampton
- ✓ Magbigay ng kasiyahan at kabilang na talakayan na nagtatanghal ng mga kanya-kanyang mga kultura
- ✓ Tanggalin ang mga hadlang sa kultura ng lungsod sa pamamagitan ng isang bukas na talakayan upang matuto at makipagtulungan sa ibang mga kultura

Pinagsisikapan namin ito sa pamamagitan ng pagtitiyak na ang pistahan ay kabilang sa bawat isa, pagbibigay ng programang magkakaiba at nagtatanghal ng mga kultura sa kanilang tunay na anyo.